

Pampublikong Pagpupulong sa Iminungkahing Pagbebenta
Bixby Knolls Towers

PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG SA IMINUNGKAHING **PAGBEBENTA SA BIXBY KNOLLS TOWERS**

Sinusuri ng Pangunahing Abogado (Attorney General) ang iminungkahing pagbebenta sa Bixby Knolls Towers ng Retirement Housing Foundation, isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa pampublikong benepisyong ng California, sa Pacifica Companies, LLC, isang kumpanya sa California na limitado ang pananagutan. Matatagpuan ang Bixby Knolls Towers sa Long Beach, California, at binubuo ng isang residensyal na pasilidad ng pangangalaga para sa mga matatanda na kinabibilangan ng 168 residensyal (independiyente) na yunit ng tirahan at 53 apartment ng tinutulungang pamumuhay, kasama ang 99-yunit na pasilidad ng dalubhasang pangangalaga. Ang iminungkahing pagbebenta ay nakabalangkas sa isang Kasunduan sa Pagbili ng Ari-arian sa pagitan ng Retirement Housing Foundation at Pacifica Companies, LLC.

Ang iminungkahing hindi pangkalakal na transaksyon sa pasilidad ng kalusugan ay sinusuri ayon sa kinakailangan ng mga seksyon ng Alituntunin ng Korporasyon 5914 *et seq.* Ang mga tuntunin ng iminungkahing transaksyon ay nakalagay sa nakasulat na abiso sa Pangunahing Abogado. Ang nakasulat na abiso ay makukuha sa pamamagitan ng isang link sa ibaba ng home page ng website ng Bixby Knolls Terrace sa <https://bixbyknollstowers.org/>.

Ang Pangunahing Abogado ng California ay magsasagawa ng pampublikong pagpupulong sa Nobyembre 15, 2022, simula sa 11:00 a.m., sa 3737 Atlantic Avenue Long Beach, CA 90807. Ang layunin ng pampublikong pagpupulong ay ang makatanggap ng mga komento sa iminungkahing pagbebenta sa Bixby Knolls Towers at upang isaalang-alang ang Pahayag sa Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Retirement Housing Foundation na inihanda ng isang tagapayo na nakipag-ugnayan sa Pangunahing Abogado ng California. Bago ang pampublikong pagpupulong, makikita ang Pahayag sa Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan sa website ng Pangunahing Abogado ng California sa <http://www.oag.ca.gov/charities/nonprofithosp>.

Ang mga tao ay maaari at hinihikayat na maglahad ng kanilang mga pananaw sa iminungkahing transaksyon sa pampublikong pagpupulong o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kay Heidi Lehrman, Deputadong Pangunahing Abogado, sa pamamagitan ng telepono sa 916-210-7835, sa pamamagitan ng email sa Heidi.Lehrman@doj.ca.gov, sa pamamagitan ng facsimile sa 916-324-5397, o sa pamamagitan ng koreo sa 1300 I Street, Sacramento, California, 95814. Ang deadline ng pagtanggap sa mga nakasulat na komento ay sa Nobyembre 15, 2022.

PUBLIC MEETING ON PROPOSED SALE - BIXBY KNOLLS TOWERS - TAGALOG.DOCX

PUBLIC MEETING ON PROPOSED SALE - BIXBY KNOLLS TOWERS - TAGALOG.DOCX